

KIANKAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS**KUMUSTA KAWASAKI**

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

Pista ng damong-dagat (nori) sa Kawasaki Marien

(343)

「かわさきのりづくり祭り」

Nitong huling Linggo ng buwan ng Abril, magkakaroon ang Kawasaki Port ng Piesta ng damong-dagat o tinatawag na Nori na ginagamit madalas na pambalot ng onigiri at mga sushi rolls. Ang ibentong ito ay mula ika-26, Sabado at ika-27, Linggo sa ngalang “Yomigaeru Kawasaki no Umi: Daijuikkai Kawasaki Norizukuri Matsuri”

Maaaring makagawa at mag-uwi ng sariling orihinal na Nori sa halagang 200 yen sa hands-on-Nori-making area. May magbebenta din ng TSUKUDANI (preserbadong nori) mge daing at ibapa. May lugar din kung saan mahahawakan ang mga buhay na lamang-dagat. Mayroon ding pagtatanghal ng mga unicycle-riding, folk singing at sayaw ng musical group na DORA-KON-DA Kawasaki Kids at iba pang local performers.


Ang Kawasaki Marien ay 30 minutos sa bus galing sa istasyon ng Kawasaki at bumaba sa “Kawasaki Marien Mae”. Magtanong sa Kawasaki City Harbor Promotions Hall o tinatawag na Kawasaki Kowan Shinko Kaikan: 044-287-6000.

Okinawa sa inyong Lugar

「はいさいフェスタ 2008」

(344)

Sa unang linggo ng Mayo, ang pagdiriwang ng pista ng Okinawa ay narito na sa Kawasaki. Ito ay tinaguriang Haisai Festa 2008, sa loob ng apat na araw mula ika-3 hanggang ika-6 ng Mayo sa La Cittadella malapit sa JR Kawasaki station. Magkakaroon kayo ng pagkakataong matikman ang Okinawa style noodle “zoki soba” na may ribs ng baboy bilang topping nito, sata andagi (parang donuts), Orion Beer at ibang pagkain ng Okinawa. May mga tindang pampasalubong at mga produkto ng Okinawa. Mapapanood din ang mga sikat na sayaw ng Okinawa Obon Dance na kilala bilang EISA, mga katutubong awit at mga pelikulang Okinawa at mga live performances. Ang lahat ng ito ay nasa La Cittadella limang minuto mula JR Kawasaki Station. Tawagan ang Citta Entertainment sa numerong 044-233-1934..



Ogishima Higashi Park: Tapos na!

(345)

「東扇島東公園オープン」

Ipinagbibigay-alam sa lahat na yari na at bukas para sa publiko ang Ogishima Higashi Park sa Siyudad ng Kawasaki. Ito ay natapos noong ika-26 ng Abril kung saan ito ay matatagpuan sa baybaying dagat ng Kawasaki ward. Tampok dito ang artipisyal na dagat kung saan maaring makapaglaro sa baybayin, makakapanood ng ibento sa multi-purpose square, at makapaglalaro ang mga aso ng Malaya sa dog square at higit sa lahat, maaaring makapagBBQ dito. Mararating ang lugar na ito sa pamamagitan ng pagsakay ng bus na Higashi Ogishima jyunkan na may 30 minutong biyahe mula sa istasyon ng Kawasaki at bumaba ng Higashi Ogishima Higashi Koen.

Mayroon ding parking lot na may bayad kaya't maaaring pumunta ng nakasasakyan. Tumawag sa 044-200-3049 sa Kowan Kyoku Shomuka..


Libreng impormasyon pang-medikal sa Asao

外国人への無料医療情報

Ang Asao Foreigners Medical Information Helpline ay itinatag ng Asao ku chiiki shinkouka kung saan ang mga boluntaryo ay nagbibigay ng libreng serbisyo tungkol sa impormasyong pang medikal. Ito ay magsisilbi sa mga dayuhang mamamayang malapit sa Asao tulad ng (Asao, Tama, Miyamae, Machida at Sagami-hara) Tuwing Lunes at Biyernes ika-10 hanggang ika-3 ng hapon sa mga wikang Ingles, Kastila at Intsik. Tumawag sa 044-951-6468. Mga temang maaaring ikonsulta ay: mga pagamutang malapit sa Asao ward, mga impormasyon ukol sa mga check-ups, bakuna at ng sistema ng pagpapagamot at insyurans ng Japan atbp.

May problema ka? Tawag na o magsadya sa:

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki



Silid—Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

■ Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~16:00 ng hapon

Libreng konsultasyong pang-legal!

Iskedyul sa **Kawasaki International Center** tuwing ikatlong Linggo ng bawat buwan.

Ika-20 ng Enero,

Ika-20 ng Abril

Ika-17 ng Pebrero,

Ika-18 ng Mayo

Ika-16 ng Marso

Ika-15 ng Hunyo

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

〒211-0033 Kawasaki International Center

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/